# Pitak Pilipino

Ni Kap. Agustin L. Galang, NIG (17)

## ANG KILATISAN NG MASON

Ang uri ng isang Mason ay hindi nakikilala sa halaga't gara ng kanyang kasuutan, ni sa kanyang mga hiyas ng kanyang taglay. Hindi rin sa yaman, at sa taas ng lipunang kaniyang kinaaniban, at lalong hinli sa kaniyang kapangyarihang hinahawakan sa lipunan o sa pamahalaan.

Mapatutunayan ang kilatis ng isang Mason sa pamamagitan ng pagangkin ng isang ulong matalino't wasto ang dibdib na mapagkakatiwalaan ng lihim mga patakaran sa buhay; may isang ng kapatid; may pusong kadluan ng pag-ibig at kawanggawa; mga kamay na ang gabay ay ang katotohanan at katarungan; mga tuhod na kung itiklop upang manalangin ay karamay ang kapakanan ng katauhan; mga paang matatatag at may tiyagang lumakad saan man dako pa roon, masaklolohan lamang ang mga sawi't nalulugmok sa kahirapan o kamalian.

ANG TUNAY — kung sa kanyang pagiging Mason ay unti-unti niyang hinubad ang hilig sa karangyaan at umiwas sa pagpapayaman para lamang sa sariling kapakanan, at lubos niyang sinikap ang pagtitika't paggawa ng kabanalan, upang ipakilalang siya'y umanib sa Kapatiran: di upang maunawaan kundi umunawa; di upang lumasap ng kaligayahan kundi umaliw sa mga nalulumbay; di upang magsamantala kundi makipagdamayan; di upang tumanggap ng biyaya kundi sa abot kaya'y magbigay; di upang malungkot sa darating na kamatayan kundi upang mapatunayan ang ganda ng kamatayan. Isang Talinhaga ng Langit na sa pagkakawanggawa lamang makakamtan ang wagas na kapatawaran, at sa magandang Kamatayan lamang matatamo ang Buhay na Walang Hanggan. △

## ANG PAGSUSUNURAN

Ang magandang pagsusunuran higit sa lahat ng pagkakataon, ay kailangan natin ngayon. Nagsusungit ang panahon. Sa pananalat at sa kasaganaan ay dapat tayong magdamayan. Huwag paiiralin ang pagiiringan. Lalo't dahil sa ambision, pulitika o relihion. Adhikain ang tapat na pagsasamahan, at pagunlad na di pangsarili kundi pangkatauhan.

Sa Hukbo, ang magbunyag ng lihim at manira sa kapuwa'y mahigpit na pinaguusig at pinapatawan ng mabigat na parusa sangayon sa Artikulo ng Digma. Ang Masoneriya'y ganyan din ang batas. Ang magsiwalat ng lihim at dumungis ng karangalan ay itinatakwil at pinangririmariman. Nasusunod pa kaya ito ngayon? May alinlangan ako.

Madali ang magbuag ng mabuting pasunuran, subalit napakahirap mapanauli ang kasiraan. "Ang sugat na pinaglamnan, gumaling ma'y balantukan." Kaya't tayong lahat ay dapat magpakaingat sa paggawat pagsasalita. Sa kagandahan ng kaugalian at likas na pagmamahalan, atas sa bawa't Mason ang maging huwaran.

Ipinagmamalaki ng mga sinaunang Mason sa Pilipinas, ang magiliw na pagsusunuran at ulirang pagkakapatiran ng mga kaanib noon, sa kabila ng mga upasala't paguusig ng kanilang kalaban. Sapagka't silay nagpakagiting at nagpakatatag, ang Masoneriya natin ngayon ay malusog at malayang nabubuhay. Ang dakilang pamana sa ating ito ay dapat nating pakamahalin at itaguyod ng buong dangal sa pamamagitan ng taus na pagsusunuran. Sa gayon ay tayo'y maging karapatdapat sa dambana ng ating pinipintuhong Kapatiran. △